16th Story

# Ang Banal na hapunan

Passover


www.kidsworship.kr

# Ang Banal na hapunan

– 16th Story –




| | |
|---|---|
| NAR | Si Hesus ay nakagawa na ng maraming kamangha-manghang mga gawa. Pinagaling niya ang mga may sakit, at nakakita ang mga bulag. Tinulungan niya rin ang mga bingi na makarinig, at ang mga pilay ay makalakad. Pinakita niya sa mga tao na Siya talaga ang Anak ng Diyos. Sapagkat ginawa niya ang mga bagay na ito sa maraming tao, maraming mga tao ang sumunod sa kanya at nagmahal sa Kanya, ngunit kinasusuklaman siya ng mga Pariseo at tagapagturo ng kautusan at sinisikap na makahanap ng paraan upang palayasin Siya, o mas masahol pa … patayin Siya. Isang gabi, ang isa sa mga alagad mismo ni Hesus ay gumawa ng isang kakila-kilabot. Naisip niyang pumunta sa mga pari na nais pumatay kay Hesus at tanungin kung magkano ang ibibigay nila sa kanya kung tutulungan niya ang mga ito. Pumunta siya sa kalagitnaan ng gabi upang walang makakita. |
| Priest 1 | akala ko ay nagbago na ang iyong isipan. |
| priest 2 | Sinabi ko na sa inyo. Hindi natin siya dapat pagkatiwalaan |
| Judas Iscariot | Hindi. Patawad. Nais ko lang makasigurado na walang ibang makakita sa akin |
| Priest 1 | Ano ang gusto mong pag-usapan natin, at bakit tayo nagkita dito? |
| Judas Iscariot | Kilala mo ba kung sino ako? |
| priest 2 | Ikaw ay isa sa mga alagad ni Hesus. |
| Judas Iscariot | Tama. |
| priest 2 | Kung gayon. Ano ang gusto mo sa amin? |
| Judas Iscariot | Anong ibibgay niyo sa akin kung ibibgay ko siya sa inyo? |
| priest 2 | Ipagkakanulo mo ang pinakamamahal mong guro? |
| Priest 1 | Buksan mo ang iyong mga palad. |
| NAR | Nang mailabas ni Judas ang kanyang kamay, binilang ng mga pari ang 30(tatlumpong) barya ng pilak at ibinigay ito kay Judas. |
| Priest | Kailan ito mangyayari? |
| Judas Iscariot | Magbabantay ako para sa tamang oras at ipapa-alam ko sa inyo. |
| Priest | Hahanapin ka namin kung nagsisinungaling ka. |
| Judas Iscariot | Nangangako ako. |



| | |
|---|---|
| NAR | Sa unang araw ng Pyesta ng Tinapay na Walang pampaalsa, ang mga alagad ni Jesus ay lumapit sa kanya. |
| Peter | Guro, saan tayo maghahanda para sa iyo na kumain ng pagkain sa pampaskuwa? |
| Jesus | Pumunta ka sa lungsod at sa isang tao roon. Sabihin mo sa kanya, sabi ng Guro, 'Malapit na ang oras ko. Ipagdiriwang ko ang Paskuwa sa iyong bahay kasama ang aking mga alagad.' |
| Peter | Opo Panginoon. Halina kayo. |
| NAR | Nang makahanap na ng bahay ang mga alagad, pumasok sila at sinabi sa lalaki ang sinabi ni Hesus. |
| House owner | Wow! Darating ang Guro dito upang kumain ng huling hapunan. |
| Peter | Tama iyon. |
| House owner | Siya ay malugod kong tatanggapin sa aking tahanan. Kayo at ang lahat ng kasama Niya. |
| John | Napaka bait mo~ |
| House owner | Sumunod kayo sa akin. Ihahanda ko ang inyong mga silid at sasabihin ko sa aking asawa na ihanda ang inyong pagkain. |
| NAR | Nang gabi ding iyon oras na para kumain, si Hesus ay nasa hapag na kasama ng Kanyang mga alagad. Habang kumakain sila, sinimulan Niyang magsalita nang seryoso sa kanila. |
| Jesus | Ang mga sinasabi ko sa inyo ay totoo. Ngayong gabi ... isa sa inyo ay ipagkakanulo ako at ibibigay Ako sa aking mga kaaway. |
| disciples | Ano!? Hindi! Nagbibiro ka ba !? Isa sa amin? Sino? |
| John | Hindi ako, Panginoon. |
| James | Hindi din po ako, Panginoon. |
| Andrew | Hindi din po ako, Panginoon. |
| Peter | Mas lalong hindi po ako, Panginoon. |
| NAR | Isa-isang, sinabi ng kanyang mga alagad na hindi ito maaaring Isa kanila. Nang matapos na sila, sumagot si Hesus. |
| Jesus | Ang isa ay magsasawsaw ng kanyang kamay sa mangkok ang siyang magkakanulo sa akin. Ang Anak ng Tao ay pumunta tulad ng nakasaulat tungkol sa Kanya. Ngunit mas kakila-kilabot ang magkakanulo sa Anak ng Tao! |
| NAR | Si Judas, na walang pang sinasabi, ay nagtanong kay Hesus. |
| Judas | Hindi po ako, hindi ba? Guro |
| Jesus | Ikaw |



| | |
|---|---|
| NAR | Lahat ng mga alagad ni Hesus ay natakot at nalito. Paano ito hinayaan ni Hesus na mangyari? Bakit hindi siya nagalit kay Judas? Kumuha si Hesus ng tinapay, at nanalangin, at pagkatapos ay pinagputol-putol ito. Ipinasa niya ito sa Kanyang mga alagad. |
| Jesus | Kuhain ninyo ito at kainin. Ito ay simbolo ng aking katawan. |
| NAR | Pagkatapos ay dinampot ni Hesus ang saro at ipinasa ito. |
| Jesus | Lahat kayo ay iinom nito.. Ito ang aking dugo ng bagong tipan.  Ibubuhos ito upang patawarin ang mga taong makasalanan ng mundo. Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang buhat ngayon ay hindi na ako iinom nitong bunga ng ubas, hanggang sa araw na muli ako'y iinom nito at kasalo kayo sa kaharian ng aking Ama. |
| NAR | Matapos niyang sabihin ang mga bagay na ito, lahat sila ay kumanta ng isang himno nang magkasama at pagkatapos ay nagtungo sa Bundok ng mga Olibo upang si Hesus ay maka-pagdasal. |